




# BUMOTO NANG LIGTAS gamit ang Inyong Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Makakatanggap ang lahat ng botante sa California ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa halalan sa **Nobyembre 3, 2020**. Magsisimulang magpadala ang opisina ng halalan sa inyong county ng mga balota, na katulad ng nasa larawan sa ibaba, simula **Oktubre 5, 2020**.



## Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay **LIGTAS** at **MADALI**.

Pagkatapos markahan ang inyong mga napili sa balota:



### Sarhan ito.

Ipasok ang inyong balota sa loob ng sobre mula sa opisina ng halalan sa inyong county.



### Lagdaan ito.

Tiyaking tumutuqma ang lagda sa sobre ng inyong balota sa lagda sa inyong lisensiya sa pagmamaneho sa CA/ID sa estado, o ang ID na ibinigay ninyo noong nagparehistro kayo. Ikukumpara ng opisina ng halalan sa inyong county ang mga ito upang protektahan ang inyong boto.



### Ibalik ito.

Sa pamamagitan ng koreo—Tiyaking malalagyan ng tatak ang inyong balota bago sumapit ang **Nobyembre 3, 2020**. Hindi kinakailangan ng selyo!

O

Personal—Ihulog ang inyong balota sa ligtas na drop box, lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o opisina ng halalan sa county bago sumapit ang **8:00 p.m. sa Nobyembre 3, 2020**.



### Subaybayan ito.

Maaari kayong mag-sign up sa [wheresmyballot.sos.ca.gov](http://wheresmyballot.sos.ca.gov) para sa mga alerto sa pamamagitan ng text (SMS), email, o voice call, tungkol sa katayuan ng inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.


Ang mga botanteng maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ay makakatulong na matiyak ang ligtas na pisikal na pagdistansya sa mga lokasyon ng pagboto. Magiging bukas ang mga lokasyon ng pagboto sa lahat ng county bago ang Araw ng Halalan. Mag-aalok ang mga lokasyon ng pagboto ng pagpaparehistro ng botante, mga pamalit na balota, mga madaling magamit na aparato sa pagboto, at tulong sa wika.




## BUMOTO NANG LIGTAS sa mga Lokasyon ng Maagang Pagboto

Magiging bukas ang isa o higit pang lokasyon ng maagang pagboto sa maraming county nang **hindi bababa sa apat na araw** simula sa Sabado bago ang halalan sa **Nobyembre 3, 2020**. Mag-aalok ang mga lokasyon ng pagboto ng pagpaparehistro ng botante, mga pamalit na balota, mga madaling magamit na aparato sa pagboto, at tulong sa wika.

**Maari kayong makatulong sa pagpapanatiling ligtas sa mga lokasyon ng pagboto** para sa mga botante at manggagawa sa halalan sa tatlong paraang ito:

- 1 Hindi na kailangang pumila.**  
Maaari kayong magbalik ng mga nakumpletong balota **sa pamamagitan ng koreo** nang hindi kinakailangan ng selyo, sa ligtas na **drop box ng balota**, o sa **lokasyon ng pagboto**.  
Magkakaroon ng mga hiwalay na pila ang mga lokasyon ng pagboto para sa mga botanteng maghuhulog ng kanilang mga nakumpletong balota.  
 Maghanap ng malapit na drop box para sa lokasyon ng pagboto sa [CAEarlyVoting.sos.ca.gov](http://CAEarlyVoting.sos.ca.gov)
- 2 Bumoto nang maaga.**  
Kung personal kayong pupunta sa isang lokasyon ng pagboto, **pumunta bago ang Araw ng Halalan** upang makatulong sa pisikal na pagdistansya. Magiging bukas ang isa o higit pang lokasyon ng pagboto sa maraming county **nang hindi bababa sa apat na araw** simula sa Linggo bago ang Araw ng Halalan.
- 3 Sundin ang mga pamamaraang pangkaligtasan.**  
Protektahan ang inyong kalusugan at ang kalusugan ng iba pang botante at manggagawa sa halalan sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga sumusunod na pag-iingat:

### CHECKLIST NG KALIGTASAN SA LOKASYON NG PAGBOTO

- Magsuot ng pantakip sa mukha habang nasa lokasyon ng pagboto.
- Magpanatili ng 2 dipang distansya mula sa ibang tao.
- Maghugas ng mga kamay bago at pagkatapos pumasok sa lokasyon ng pagboto.
- Gumamit ng hand sanitizer pagkatapos humawak sa mga pinto o kagamitan sa pagboto.
- Magdala ng ball pen upang maiwasan ang paghawak sa mga surface na pinakamadalas hawakan.
-  **Gusto ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano manatiling ligtas habang bumoboto?**  
Basahin ang mga alituntunin ng Centers for Disease Control and Prevention sa [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/election-polling-locations.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/election-polling-locations.html)

Ang mga botanteng maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ay makakatulong na matiyak ang ligtas na pisikal na pagdistansya sa mga lokasyon ng pagboto. Magsisimulang magpadala ang mga opisina ng halalan sa county ng mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa mga botante sa California simula **Oktubre 5, 2020**. Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay dapat malagyan ng tatak bago sumapit ang **Nobyembre 3, 2020**; ang mga balotang ibabalik sa ligtas na drop box ng balota ay dapat mailagay bago sumapit ang **8:00 p.m. sa Nobyembre 3, 2020**.